# Miniminang Kalayaan

***Mga Testimonya mula sa mga Konunidad na Lumalaban para sa Kanilang mga Karapatan sa Pilipinas***



FORUM-ASIA







# Buod

Ano ang mangyayari kung ang pagmimina ay nakapipinsala sa karapatang pantao at sustainable development?

Sa pamamagitan ng isang fact-finding mission, itinuon ng FORUM-ASIA, kasama ng BALOAD Mindanaw at LILAK, ang pansin sa mga tinig ng komunidad na naapektuhan ng pagmimina sa Didipio at Dinagat Islands sa Pilipinas.

Ang pagmimina ay isang kontrobersiyal na isyu sa Pilipinas. Sa loob ng maraming dekada, inuuna ng pamahalaan ang yamang-mineral sa ngalan ng kaunlarang pang-ekonomiya. Samantala, ang kalikasan, hanapbuhay, kalusugan, at mental health ng mga tao ay naisasakripisyo.

Kahit na ang Pilipinas ang isa sa mga pinakamayamang bansa sa mundo pagdating sa yamang-mineral, ang industriya ng pagmimina ay kumakatawan lamang sa kulang-kulang isang porsyento (<1%) ng Gross Domestic Product [kabuuang halaga ng mga produkto at serbisyo na ginagawa sa isang bansa sa loob ng itinakdang panahon] ng bansa.

Noong 2021, ang industriyang ito ay binubuo ng 183,852 manggagawa, habang may apat na indirect employment [mga hanapbuhay na dulot ng mga manggagawang direktang nagtatrabaho sa sektor na tinutukoy] sa bawat isang nagtatrabaho sa minahan. Nag-eexport ang bansa sa Japan, Australia, Canada, at China at kumikita ang bansa ng halos US$ 6.14 bilyon mula sa exports na ito. Ito ay bumubuo sa 7.8% ng kabuuang kita mula sa export ng bansa.

Isinasaad ng Konstitusyon ng Pilipinas na ang Estado ang may buong kontrol ukol sa ‘paggalugad, pagpapaunlad at pagsasagamit ng likas na kayamanan’ habang nangangakong ‘pangalagaan at isulong ng Estado ang karapatan ng sambayanan sa timbang at kanais-nais na ekolodyi nang naaayon sa aluy-oy at tugma ng kalikasan.’ Ito ay lumilikha ng tunggalian sa pagitan ng kalikasan at ekonomiya.

Ang Republic Act No. 7942–o mas kilala bilang Philippine Mining Act of 1995–ang pangunahing lehislasyon na namamahala sa paggamit



ng yamang-mineral sa bansa. Bukod sa mga lokal na ordinansa at mga pambansang batas na may kinalaman sa pagmimina, kinakailangang sumunod ng mga kumpanya sa iba pang mga kaugnay na batas upang mapangalagaan at maprotektahan ang mga karapatan ng mga komunidad at ng kalikasan, gaya ng Indigenous Peoples Rights Act of 1997, Local Government Code of 1991, Clean Air Act of 1999, Clean Water Act of 2004, Environmental Impact Statement System of 1978, Ecological Solid Waste Management Act of 2000, at Toxic Substances at Hazardous and Nuclear Waste Control Act of 2000.

Noong 2018, itinanghal ang Pilipinas bilang pinakamapanganib na bansa sa buong mundo para sa mga tagapagtanggol ng lupa at ng kalikasan. Sa parehong taon, dinala sa kalsada ng mga tagapagtaguyod ng kilusan kontra pagmimina ang kanilang panawagan upang magkaroon ng batas na magpo-protekta sa karapatan ng kalikasan (rights of nature). Giit nila, walang ‘responsableng pagmimina.’ Noong 2019, ayon sa pag-aaral ng Global Witness, may diumanong sabwatan ang mga korporasyong Filipino at mga partido politikal sa pagpapatahimik sa mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao sa pamamagitan ng pagpapakulong o pagpatay.

Mula noong nagka-COVID 19 pandemic, may panibagong mga inisyatibo ang gobyerno upang buhayin ang sektor ng pagmimina. Noong Abril 2021, inalis ng dating Pangulo Rodrigo Duterte ang siyam na taon na pagbabawal sa mga bagong proyektong pagmimina sa buong bansa upang paigtingin ang ekonomiya matapos ang COVID-19 pandemic. Dahil dito, umigting din ang mga panawagan upang maipasa ang Alternative Minerals Management Bill, isang panukalang-batas na naglalayong siguruhin na ang pagpo-protekta sa kalikasan ang nasa kaibuturan ng pagmimina sa pamamagitan ng rights-based approach at sustainable framework para sa paggamit ng mga yamang-mineral.

Isa pang malaking pagbabago sa patakaran ng Pilipinas pagdating sa pagmimina ay nang tanggalin ng pamahalaan ang apat na taong pagbabawal sa open-pit mining.

Sa pamamagitan ng multistakeholder approach [isang uri ng pag-aaral kung saan isinasaalang-alang at kinikilala ang mga tinig ng lokal na komunidad, mga civil society organization, mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at iba pang mga may kinalaman sa pagdedesisyon], sinuri ng fact-finding mission na ito ang pagkakaugnay-ugnay ng pagmimina, mga mahahalagang kalayaan at pagkasira ng kalikasan. Siniyasat din nito ang pananagutan ng mga kumpaniyang nagmimina, ng lokal at pambansang pamahalaan, mga non-government organisation (NGOs), civil society organisation (CSOs) at mga komunidad sa pagtataguyod ng karapatan ng lahat sa malusog at ligtas na kapaligiran. Nilalayon din ng pag-aaral na ito na matukoy kung posible nga ba ang responsableng pagmimina sa konteksto ng karapatang pantao at sustainable development.

Ang fact-finding mission na ito ay isinagawa sa dalawang barangay: Barangay Malinao sa bayan ng Tubajon sa lalawigan ng Dinagat Islands at sa Barangay Didipio sa munisipalidad ng Kasibu sa bayan ng Nueva Vizcaya. Ito ay isinagawa mula 13 hanggang 16 ng Hunyo sa Dinagat Islands, mula 20 hanggang 23 ng Hunyo sa Nueva Vizcaya at mula 26 hanggang 29 ng Hulyo sa Maynila.

Nagsagawa ng magkakabukod na focus group discussions (FGDs) sa mga grupong nakabase sa





Maynila upang pagtibayin ang mga natuklasan sa fact-finding mission. Sa parehong barangay, nakasalalay sa likas na yaman ang kabuhayan ng mga tao. Dahil dito, may panganib na dala ang pagmimina sa pinagkukunan ng kabuhayan ng mga komunidad. Ang mga katutubong kababaihan ang higit na nakararanas ng negatibong epekto ng pagmimina.

Nangalap ng mga datos sa pamamagitan ng mga FGD, mga interbyu at pananaliksik. Kabilang sa mga kinapanayam ay mga miyembro ng komunidad, mga magsasaka, mangingisda, katutubo, lokal na mga CSO at mga kinatawan ng lokal na pamahalaan.

Sa loob ng mahigit 25 taon, laganap ang karahasan, takot, mga sigalot at pighati sa pamumuhay ng mga tao sa Didipio. Ayon sa mga testimonyang nakalap sa fact-finding mission, walang pumapansin sa mga walang-sawang pagpoprotesta at pag-aksyon sa lebel na probinsyal at nasyonal. Ayon pa rin sa mga testimonyang nakalap, madalas diumanong walang pumapansin at ipinagwawalang-bahala ang mga alalahaning patuloy na itinataas ng mga miyembro ng komunidad, kabilang ang mga pagbabanta sa pinagkukunan ng tubig at maging sa mga kabukiran, mga di pagkakapantay-pantay ng oportunidad sa pagkakaroon ng hanapbuhay, pagkakabaha-bahagi at pag-aawayan ng mga miyembro ng komunidad at mga panganib na kinakaharap ng lokal na pamahalaan.

Samantala, sa Dinagat Islands, binibigyang prayoridad ang mga minahan mula pa noong idineklarang mineral reserve ang lalawigan noong 1939. Nagdesisyon ang pamahalaan nang hindi sinasangguni ang mga naninirahan dito–mga taong ang paraan ng pamumuhay ay mas matanda pa kaysa sa halaga ng Dinagat Islands bilang mineral reserve. Nang ideklarang lalawigan ang Dinagat Islands, tumaas ang tensyon sa pagitan ng mga komunidad at ng gobyerno dahil ang kanilang mga prayoridad ay hindi magkatugma. Ayon sa mga testimonyang nakalap sa fact-finding mission, maraming pagsubok ang mga komunidad na may kinalaman sa pagmimina, gaya ng panganib sa lokal na pinagkukunan ng kabuhayan at katatagan ng ekonomiya, mga negatibong epekto sa kalusugan at kagalingan, pagkasira ng mga watershed, hindi patas na pagtuturing sa mga manggagawa sa mga minahan at ang hindi pagbabayad ng buwis ng mga kumpanyang nagmimina.

Sa parehong Didipio at Dinagat, maraming testimonya ukol sa mga paglabag sa karapatang pantao sa mga operasyon ng pagmimina. Ayon sa mga testimonya, ang mga minahan ay may kinalaman sa hindi matatag na kabuhayan at kita ng mga komunidad sa paligid ng mga minahan na umaasa sa pagsasaka at pangingisda.

Sa Dinagat Islands, itinaguyod ng lokal na pamahalaan ang pagsasabatas sa pamamagitan ng mga lokal na ordinansa upang mapagaan

ang mga negatibong epekto ng pagmimina. Samantala, sa Didipio, ang mga kababaihang katutubo ang nagsilbing tagapagtanggol ng karapatang pantao laban sa operasyon ng pagmimina. Sa ngalan ng pangangalaga ng kanilang kalupaan at kabuhayan, hinarap nila ang mga panganib na dulot ng karahasan, judicial harassment at mga pagbabanta.

Ayon sa mga datos na nakalap sa fact-finding mission, pinapaboran ng gobyerno ang pagmimina nang walang pagsasaalang-alang sa mga paglabag sa karapatang pantaong dulot ng mga operasyon ng pagmimina. Wala ring pagsasaalang-alang sa kaligtasan at kapakanan ng kalikasan at ng mga tagapagtanggol nito.

Maraming rekomendasyon ang fact-finding mission na ito para sa lokal na pamahalaan, pambansang gobyerno, mga kumpanya ng pagmimina, mga CSO, mga opisinang panrehiyon ng Komisyon sa Karapatang Pantao (Commission on Human Rights - CHR) at maging sa United Nations Human Rights Council at mga mekanismo ng UN sa karapatang pantao.

Kabilang sa pinakakapansin-pansing rekomendasyon ng fact-finding mission ay ang pagsasawalang-bisa ng Philippine Mining Act of 1995, pagpasa ng Alternative Minerals Management Bill, hindi pagtanggap sa renewal ng Financial and Technical Assistance Agreement ng Oceana Gold Philippines Incorporated at panagutin sila sa kanilang mga legal na obligasyon at ang muling pagsasaayos ng pokus at mga gawain tungo sa pagkakaroon ng pangmatagalang mapagkukunan ng pagkain at inumin para sa mga komunidad. Dagdag pa rito, marapat na i-monitor ng gobyerno ang mahigpit na pagsunod ng mga kumpanyang nagmimina sa mga batas na may kinalaman sa pagpoprotekta sa kalikasan, karapatan ng mga katutubo, karapatan sa paggawa at mga pangunahing kalayaan ng mga tao.






Para naman sa mga kumpanyang nagmimina, marapat silang sumunod sa UN Guiding Principles on Business and Human Rights maging sa mga naaayong batas pambansa at lokal na ordinansa. Marapat ding magsagawa sila ng mga makabuluhang konsultasyon kasama ng mga apektadong komunidad upang masigurong hindi naipagsasawalang-bahala ang kanilang mga hinaing. Inirerekomenda rin ng fact finding mission na ito ang pagpapahinto sa operasyon ng pagmimina sa Barangay Didipio at ang madaliang rehabilitasyon ng mga kalupaan at komunidad na naapektuhan ng operasyong ito.

Samantala, maaaring patuloy na suportahan ng mga CSO at paigtingin ang pakikilahok ng mga organisasyon sa proseso ng lokal na pamamahala. Sa pamamagitan ng edukasyon at pagbabahagi ng kapasidad (capacity-sharing), maaaring maging mga tagapagtaguyod ng kanilang mga karapatan.

Gayundin, nangangailangan ng mas maigting na pangangalap ng mga datos at mga pagsusuri sa mga negatibong epekto ng maliliit at malalaking operasyong pagmimina sa antas ng barangay. Lalo rin dapat paigtingin ang mga imbestigasyon at national inquiries sa sitwasyon ng mga komunidad na naapektuhan ng pagmimina sa bansa.

Kinakailangan ring panagutin ang pamahalaan ng Pilipinas para sa mga paglabag ng karapatan ng mga komunidad sa ligtas, malusog at malinis na kalikasan at kapaligiran, maging sa mga pandarahas na nararanasan ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantaong nagtataguyod ng mga kilusan para mailantad ang mga pang-aabuso ng mga korporasyon. Marapat ding magsagawa ang gobyerno ng National Baseline Assessment para sa paggawa ng sapat at mabisang National Action Plan on Business and Human Rights.




Brot für die Welt

This publicaton was made possible by the generous support of Brot fur die Welt-Protestant Agency for Diakonie and Development (EWDE).

The contents of this publicaton are the sole responsibility of FORUM-ASIA and can in no way be taken to refect the views of Brot fur die Welt – Protestant Development Service.

FORUM-ASIA